ESTADO NG CALIFORNIA
Office of Tax Appeals

Itinatag ang Office of Tax Appeals (OTA) bilang walang kinikilingang panig para sa paglutas sa mga hindi pagkakasundo sa buwis sa pagitan ng mga nagbabayad ng buwis at mga ahensiya ng buwis ng estado. Ang layunin ng OTA ay magbigay ng proseso ng mga apela na:

- **Obhetibo** – Mga desisyong nakabatay sa tunay na impormasyon at alinsunod sa batas.
- **Malinaw** – Ang mga proseso at desisyon ay available sa lahat at naiintindihan ng lahat.
- **Accessible** – Isang prosesong nagbibigay-daan sa mga nagbabayad ng buwis na alinman sa itaguyod ang kanilang mga sarili o pumili ng gusto nilang kakatawan sa kanila.

Panimula

Itinatag ng Taxpayer Transparency and Fairness Act of 2017 ang Office of Tax Appeals (OTA) para magbigay ng walang kinikilingang forum para sa patas at walang pinapanigang paglutas ng mga hindi pagkakasundo sa buwis sa pagitan ng mga nagbabayad ng buwis at mga ahensiya ng buwis ng estado. Ang OTA ay independiyenteng tanggapang hiwalay at naiiba sa mga ahensiya ng buwis ng estado. Tanging nakalaan ang OTA sa paglilitis ng mga hindi pagkakasundo sa buwis at wala itong tungkulin o layunin maliban sa pagpapasiya sa mga apela sa buwis para sa mga nagbabayad ng buwis sa California.

Mga Apela sa OTA sa Pangkalahatan

Ang apela sa OTA ang huling pagkakataon para sa mga nagbabayad ng buwis na malutas ang kanilang mga hindi pagkakasundo sa buwis sa mga ahensiya ng buwis ng estado sa paraang administratibo, nang hindi pumupunta sa hukuman. Sa pangkalahatan, ang mga pinal na pagpapasiya ng mga ahensiya ng buwis ng estado — gaya ng pagsusuri sa mga karagdagang pananagutan sa buwis o pagpataw ng mga multa kaugnay ng buwis — ay maaaring iapela sa OTA. May hurisdiksiyon para sa mga apela ang OTA kaugnay ng iba't ibang buwis na pinangangasiwaan ng California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) at Franchise Tax Board (FTB), kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa:

- *Mga personal na buwis sa kita*
- *Mga buwis sa prangkisa ng korporasyon*
- *Mga buwis sa sales at paggamit*
- *Mga buwis at bayarin sa LLC*
- *Buwis sa gasolina at iba pang excise tax*

Mga Opsiyon Bukod pa sa Apela

Ang CDTFA at FTB ay may mga administratibong prosesong nagbibigay-daan sa mga nagbabayad ng buwis na malutas ang mga hindi pagkakasundo sa wastong pagsusuri sa buwis at pagpataw ng anumang multa. Ang mga ahensiyang iyon ay nag-aalok ng mga programa ng settlement, mga alok sa kompromiso, at plano ng pagbabayad. Walang awtoridad sa alinman sa mga programang ito ang OTA. Kung pipiliin ng nagbabayad ng buwis na lumahok sa alinman sa mga programang ito bago o sa panahon ng proseso ng mga apela ng OTA, ide-defer ng OTA ang apela ayon sa pangangailangan samantalang bumubuo ng kasunduan ang nagbabayad ng buwis at ahensiya ng buwis.

Proseso para sa Apela

Kung hindi sasang-ayon ang nagbabayad ng buwis sa pinal na pasiya sa buwis ng CDTFA o FTB, maaaring umapela sa OTA ang mga nagbabayad ng buwis. Ang mga apela ay maaaring gawin sa pamamagitan ng simpleng kahilingan sa liham sa OTA, kasama ang anumang sumusuportang dokumento. Ang proseso ng apela ng OTA ay pinapangasiwaan ng mga regulasyon ng OTA, na makikita sa website ng OTA sa ***ota.ca.gov.***

Maaaring humiling ng oral na pagdinig ang mga nagbabayad ng buwis hinggil sa kanilang apela sa gusto nilang tanggapan ng OTA o maaari nilang piliing pagpasiyahan ang kanilang apela batay lang sa mga nakasulat na dokumentong isinumite sa OTA. Alinman ang pipiliin nila, maglalathala ng nakasulat na desisyon tungkol sa kanilang apela ang OTA. Bago ang pagdinig, dapat ibigay ng mga nagbabayad ng buwis ang lahat ng nauugnay na dokumento sa OTA at maaari nilang hilingin, o maaari sa kanilang hilinging, lumahok sa isang kumperensiya bago ang pagdinig.

Mga Panel ng Pagdinig

Ang bawat apela sa buwis ay dinidinig ng panel ng tatlong walang kinikilingan at propesyonal na hukom ng administratibong batas (administrative law judges, ALJ), na kanya-kanyang maraming karanasan sa batas tungkol sa buwis. Itatalaga ang isang ALJ bilang punong ALJ para sa mga layunin ng pagdinig, ngunit pantay-pantay na lalahok ang bawat miyembro ng panel sa pagdinig, deliberasyon at desisyon.

Pagkatapos ng Pagdinig

Sa pangkalahatan, ihahanda ng panel ng ALJ ang nakasulat na desisyon at ipapadala nila ito sa koreo ng nagbabayad ng buwis sa loob ng 100 araw mula sa pagdinig, kasama ang impormasyon tungkol sa mga susunod na hakbang na maaaring isagawa kung hindi sasang-ayon sa desisyon ng OTA ang nagbabayad ng buwis.

Office of Tax Appeals

Pangunahing Tanggapan:
400 R Street, Suite 460
Sacramento, CA 95811

Mail:
P.O. Box 989880
West Sacramento, CA 95798-9880

Mga Lokasyon ng Pagdinig

Sacramento
400 R Street, Suite 452
Sacramento, CA 95811

Fresno
855 M Street, Suite 960
Fresno, CA 93721

Los Angeles
12900 Park Plaza Drive, Suite 300
Cerritos, CA 90703

Tel: 916.492.2635
Fax: 916.492.2089
E-mail: info@ota.ca.gov
Website: ota.ca.gov